OCCA Communities Association (OCCA)

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7

Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca

www.occabc.ca

Halalang Panlalawigan sa British Columbia 2026: Mga Sagot ng mga Kandidato sa mga Prayoridad ng Komunidad

Inilalahad ng dokumentong ito ang mga sagot ng mga kandidato tungkol sa tatlong prayoridad na natukoy sa Survey sa mga Prayoridad ng Komunidad ng OCCA: Pagsasama ng Iba't Ibang Kultura at Pakiramdam ng Pagkakabilang; Kabataan, Pamilya at Nakatatanda; at Pakikilahok sa mga Usaping Sibiko at Representasyon.

Nakaayos ang mga sagot ayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtanggap sa mga ito. Ang pahayag na "Walang natanggap na sagot bago ang takdang oras ng paglalathala" ay nangangahulugang wala pang sagot mula sa kandidatong iyon nang pinal ang dokumentong ito.

Ang OCCA Communities Association ay isang rehistradong organisasyong pangkawanggawa na walang kinikilingang partidong pampolitika at hindi nag-eendorso ng sinumang kandidato. Inilaan ang dokumentong ito para lamang sa kaalaman ng komunidad.

Pinagmulan ng mga larawan: **Central Okanagan Candidates - BC Election 2026**

OCCA Communities Association (OCCA)

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7

Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca

www.occabc.ca

Gavin Gew

Partido: BC Conservative Party

Tanong 1: Pagsasama ng Iba't Ibang Kultura, Pakikilahok sa Ekonomiya at Pakiramdam ng Pagkakabilang

Walang lugar ang rasismo at diskriminasyon sa British Columbia. Ang lahat ay nararapat maging ligtas, igalang, at magkaroon ng pantay na pagkakataon.

Kalahati ng aking pamilya ay may lahing Tsino, at mahalaga sa akin ang pagkakataong maipagdiwang ng aking mga anak ang kanilang pamana at makilala ang iba pang tradisyong pangkultura. Dumalo ako sa maraming kaganapan ng OCCA at nakipag-usap sa mga kalahok ng Job Connect for Future (JCF). Nasaksihan ko kung paano pinaglalapit ng OCCA ang iba't ibang komunidad.

Maraming bagong dating ang nagtatayo ng negosyo, lumilikha ng trabaho, at nagpapatatag sa ating ekonomiya. Sa antas ng lalawigan, sinusuportahan ko ang mas mabilis na pagkilala sa mga kwalipikasyong internasyonal habang pinananatili ang mga pamantayang propesyonal, ang mas matibay na ugnayan ng pagsasanay sa trabaho at mga employer, at ang pag-aalis ng mga hadlang sa pagtatayo at pagpapalaki ng negosyo.

Tinutulungan ng JCF ang mga bagong dating na bumuo ng mga koneksiyon at makapasok sa merkado ng trabaho. Ngunit kailangang sabayan ang mga pagsisikap na ito ng mas matatag na ekonomiya. Dapat tayong makaakit ng pamumuhunan, sumuporta sa maliliit na negosyo, at lumikha ng magagandang trabaho upang makapagtatag ng kinabukasan dito ang mga tao mula sa lahat ng pinagmulan.

Tanong 2: Kabataan, Pamilya at Nakatatanda

Ang abot-kayang pangangalaga sa mga bata ay tumutulong sa mga magulang na makapagtrabaho. Dapat makakuha ang mga pamilya ng mahahalagang serbisyo batay sa kanilang pangangailangan, hindi sa kanilang koneksiyon o kakayahang unawain ang masalimuot na sistema ng pamahalaan. Sinusuportahan ko ang pagpapalawak ng mga programang pangangalaga sa bata na nagkakahalaga ng $10 kada araw at iba pang abot-kayang opsiyon, na binibigyang-priyoridad ang mga pamilyang humaharap sa pinakamalalaking hadlang habang iginagalang ang pagpili ng mga magulang.

Kailangan natin ng mahuhusay na paaralan, mga pagkakataon para makuha ng kabataan ang kanilang unang trabaho, at mas mabuting serbisyong pangkalusugan, kabilang ang pagdaragdag ng kapasidad ng Kelowna General Hospital. Karapat-dapat ang mga nakatatanda sa mas maraming opsiyon sa pangangalaga sa bahay, mas maraming kama sa pangmatagalang pangangalaga, at proteksiyon laban sa pagtaas ng gastusin sa pamumuhay, kabilang ang pagbawi sa mga pagbabago sa panlalawigang programa para sa pagpapaliban ng pagbabayad ng buwis sa ari-arian.

OCCA Communities Association (OCCA)
1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7
Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca
www.occabc.ca

Dapat ding madaling maakses ang mga serbisyo sa iba't ibang wika at kulturang pinagmulan. Ang mga pinagkakatiwalaang katuwang ng komunidad gaya ng OCCA ay makatutulong sa pamahalaan na iugnay ang mga tao sa mga serbisyo at programang pangkomunidad, lalo na ang mga bagong dating at nakatatandang maaaring humarap sa karagdagang hadlang.

Dapat maging layunin natin ang pagbibigay ng pagkakataon sa bawat komunidad at bawat henerasyon sa buong British Columbia.

Tanong 3: Pakikilahok sa mga Usaping Sibiko at Representasyon

Dapat pakinggan ng mga nahalal na kinatawan ang lahat, bumoto man sa kanila ang isang tao o hindi, at aktibong makipag-ugnayan sa bawat komunidad. Ibig sabihin nito ay naroroon sila sa buong taon, hindi lamang kapag halalan. Nakadalo ako sa maraming kaganapan ng OCCA at pinahahalagahan ko ang papel nito sa pag-uugnay sa mga multikultural na komunidad sa buong Okanagan.

Patuloy akong direktang makikipagpulong sa mga organisasyong nakaugat sa komunidad, hihingi ng kanilang pananaw sa maagang yugto kapag may desisyon ang lalawigan na makaaapekto sa kanila, at ipaliliwanag kung paano nakaimpluwensiya ang kanilang mga mungkahi sa naging pasya. Ang malinaw at payak na komunikasyon at ang angkop na suporta sa wika ay makatutulong sa mga bagong dating at iba pa na makilahok sa mga pampublikong konsultasyon.

Mahalaga ang walang kinikilingang partidong edukasyon sa mga botante na isinasagawa ng OCCA. Ang pagtulong sa mga tao na maunawaan ang ating mga institusyon at magamit ang kanilang karapatang bumoto ay nagpapatibay sa demokrasya.

Kailangan ng mga nonprofit sa komunidad ng maaasahang pakikipagtulungan sa pamahalaan. Sinusuportahan ko ang patas at malinaw na proseso ng pagpopondo, mas kaunting hindi kailangang papeles, at pananagutan sa mga resulta upang makapagtuon ang mga organisasyon sa paglilingkod sa mga tao.

Dapat tuluy-tuloy, magalang, at tunay na may palitan ng pananaw ang pakikilahok ng komunidad.

OCCA Communities Association (OCCA)

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7

Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca

www.occabc.ca

Abraham Nordine

Partido: OneBC

Sinusuportahan ko ang ilang bahagi ng inyong adyenda, ngunit tinututulan ko ang iba.

Halimbawa, nakasaad sa inyong lagda sa email ang mga ginugustong panghalip (she / her / hers). Para sa akin, walang katuturan ang ganitong gawain at nakalilito ito sa mga batang nakakakita nito.

Bukod dito, gumagamit kayo sa dulo ng inyong mga mensahe ng karaniwang pahayag tungkol sa mga lupang "tradisyonal, minana sa mga ninuno, at hindi kailanman isinuko." Mariin ko itong tinututulan, at batay sa mga layunin ng inyong organisasyon, dapat din ninyo itong tutulan. Halimbawa, nais ninyong tanggapin ang mga imigrante sa Canada at sa ating lokal na komunidad, ngunit sinasabi rin ninyong ang lupang tinitirhan natin ay sa katunayan ay ninakaw. Kung ninakaw ang lupa, sa anong karapatan natin iniimbitahan at tinatanggap ang mga bagong dating sa magandang bansang ito? Hindi ba dapat munang ayusin ang usapin ng pagmamay-ari ng lupa at hayaang ang tunay na may-ari ang magpasya? Tinututulan ko ang paggamit ng ganitong pagkilala sa teritoryo ng alinmang antas ng pamahalaan.

Ang mga kamag-anak ko sa panig ng aking asawa ay mga unang henerasyong imigrante, at ikalawang wika nila ang Ingles. Kaya nauunawaan ko ang mga hamon ng pagtanggap at pakikibagay sa lipunan. Malaking tulong dito ang mga lokal na samahang pangkultura na hindi kumikita. Mahalaga rin ang mga kursong para sa mga bagong dating at mga klase sa wika na iniaalok ng ating kolehiyong pangkomunidad. Habang lalo nating sinusuportahan ang kolehiyong ito, lalo nating natutulungan ang mga taong nagmula sa magkakaibang kultura na makibagay. Gayunman, kulang ang kakayahan at pondo ng ating sistema ng edukasyon mula kindergarten hanggang Grade 12 (K–12) upang maging pansamantalang tagasuporta sa pakikibagay ng mga tao mula sa lahat ng wika at kultura. Hindi kakayanin ang kinakailangang gastusin. Samakatuwid, ang mahalaga ay ang pakikipagtulungan sa mga samahan, mga nonprofit at mga institusyong pang-edukasyon pagkatapos ng sekundarya.

Tinututulan ko ang rasismo. Naniniwala akong may likas na halaga ang bawat tao dahil nilikha tayo ayon sa larawan ng Diyos.

Tinututulan ko ang pagtataguyod ng ideolohiyang 2SLGBTQIA+. Sa palagay ko, ang ginagawa ng isang tao sa pribadong buhay ay hindi kailangang iparada o ipaskil sa mga tindahan sa pamamagitan ng mga sticker. Lalong hindi ito dapat itaguyod sa mga silid-aralan.

Naniniwala akong maraming paraan upang maipahayag ang boses ng mga tao; gayunman, ang karapatang bumoto ay para lamang sa mga mamamayan. Maaari pa rin ninyong iparating anumang oras ang inyong mga alalahanin sa inyong lokal na miyembro ng Lehislaturang Panlalawigan (MLA). Tungkulin nilang tumulong, at lagi rin akong handang makinig sa inyong mga alalahanin.

OCCA Communities Association (OCCA)
1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7
Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca
www.occabc.ca

Naniniwala akong dapat nating pamahalaan ang bilis ng pagdating ng mga imigrante upang hindi masobrahan ang paggamit sa ating mga institusyong pinopondohan ng publiko, gaya ng serbisyong pangkalusugan. Hindi sapat ang ating kalagayang pinansyal upang suportahan ang lahat ng gustong pumarito. Hindi ito rasismo kundi isang katotohanan tungkol sa ating badyet. Pabor ako sa isang uri ng "sponsorship" kung saan ginagarantiyahan ng isang Canadian ang pinansyal na suporta sa isang imigrante sa loob ng takdang panahon habang siya ay naninirahan at nagsisimula ng buhay dito. Tandaan ding kabilang ang Kelowna sa may pinakamataas na antas ng kawalan ng trabaho sa Canada. Dapat tayong maging tapat sa pagtalakay sa mga usaping ito.

Iminumungkahi kong mas aktibong suriin at kilalanin ang mga diploma at propesyonal na kwalipikasyong nakuha sa ibang bansa. Kapag kinilala na ang mga ito, dapat pabilisin ang kaugnay na proseso ng imigrasyon.

OCCA Communities Association (OCCA)

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7

Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca

www.occabc.ca

Carter Mochinski

Partido: BC Green Party

Napakahalaga ng mga tanong na ito sa akin at sa BC Green Party. Pinahahalagahan namin ang lawak ng mga tanong at ang oras na inilaan ninyo upang basahin ang aking mga sagot. Kailangan natin ng pamahalaang naglilingkod sa lahat ng residente ng British Columbia, at nakatuon kami sa pagkamit nito.

1. Pagsasama ng Iba't Ibang Kultura, Pakikilahok sa Ekonomiya at Pakiramdam ng Pagkakabilang

Nakatuon kami sa pagtatayo ng isang British Columbia na para sa lahat at nakikipagtulungan sa lahat. Kinikilala naming nakaugat ang sistemikong rasismo sa mga sistemang nagpapatakbo sa ating lalawigan. Dahil dito, nangangako kaming isusulong ang mga sumusunod na patakaran.

- Patuloy na suportahan ang First Nations Health Authority sa pagsugpo sa sistemikong rasismo at pagpapahaba ng inaasahang haba ng buhay ng mga Katutubo.
- Repormahin ang sistema ng pulisya at hustisya, na inuuna ang pananagutan, pagiging patas, at kaligtasan ng komunidad. Tutuon ang mga pagbabagong ito sa sistemikong rasismo at karahasang nakabatay sa kasarian, palalakasin ang pagiging bukas ng mga proseso, at titiyakin ang patas na pagtrato sa lahat ng mamamayan, lalo na sa mga Katutubo, mga komunidad na nakararanas ng diskriminasyong panlahi, at mga grupong nasa laylayan.
- Palakasin at gawing pare-pareho ang edukasyon at pagsasanay ng mga nagtatrabaho sa sistema ng hustisya tungkol sa kaligtasang pangkultura, paglaban sa rasismo, kamalayan sa kalusugang pangkaisipan, at mga paraan ng pagpapakalma ng alitan. Dapat kilalanin sa lahat ng pagsasanay ang natatanging pagkakakilanlan ng iba't ibang Katutubong bansa, nakabatay ang mga ito sa ebidensiya, at isinasaalang-alang ang epekto ng trauma.

2. Kabataan, Pamilya at Nakatatanda

Naniniwala kaming responsibilidad ng pamahalaan na tiyaking pantay ang karanasan ng lahat ng bata sa sistema ng edukasyon, anuman ang kanilang pagkakakilanlan o lugar ng paninirahan sa lalawigan. Dapat ding pairalin ang prinsipyong ito sa pangangalagang pangkalusugan, mga oportunidad sa trabaho, serbisyo para sa nakatatanda, at iba pa. Nangangako kaming isulong ang mga sumusunod na patakaran upang matugunan ang ilan sa mga suliraning ito; may iba pa kaming panukala, ngunit ito ang ilang kongkretong hakbang na nais naming gawin.

- Suriin at tugunan ang mga pagkakaiba at hindi patas na epekto ng mga batas sa kalusugang pangkaisipan sa mga tao batay sa kanilang pagkakakilanlan, kabilang ngunit hindi limitado sa mga Katutubo, mga Black at iba pang komunidad na nakararanas ng diskriminasyong panlahi, mga taong may kapansanan, at mga miyembro ng komunidad na 2SLGBTQIA+.

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7
Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca
www.occabc.ca

- Maglaan ng sapat at patas na pondo para sa Complex Care Housing na pinamumunuan, dinisenyo, at pinagpapasyahan ng mga Katutubong komunidad. Kabilang dito ang mga pabahay na nakalaan para sa mga Katutubo at inilalaan nang may pagsasaalang-alang sa trauma, gayundin ang kaugnay na subsidiya sa upa, na ipatutupad ayon sa patnubay ng mga organisasyon at komunidad ng mga Katutubo at may kasamang mga serbisyong sumusuporta.

3. Pakikilahok sa mga Usaping Sibiko at Representasyon

Matagal na naming sinusuportahan, at patuloy naming susuportahan, ang pagkakaroon ng mga kapulungan ng mamamayan (citizens' assemblies) sa lehislatura ng lalawigan. Mga natatanging kapulungan ang mga ito na binubuo ng mga karaniwang taong may magkakaibang pinagmulan upang magpayo sa pamahalaan tungkol sa mga pananaw ng publiko sa isang tiyak na isyu.

Titiyakin naming mas marami pang ganitong kapulungan ang maidaraos at magkakaroon ng pagkakataong marinig ang boses ng lahat ng grupo.

Naniniwala akong masasabi ko sa ngalan ng mga kapwa ko kandidato ng BC Green Party na kung kami ay mahalal, isa sa pinakamahahalagang tungkulin namin ang kumatawan sa mga nasasakupan. Anuman ang kanilang paninindigang pampolitika, kulay ng balat, o edad, karapat-dapat ang lahat sa patas at makatarungang representasyon sa pamahalaan at sa mga kinatawang nakikinig sa kanilang boses at alalahanin.

OCCA Communities Association (OCCA)

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7

Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca

www.occabc.ca

Kristina Loewen

Partido: BC Conservative Party

Natanggap ang sagot matapos ang takdang oras na 12:00 ng tanghali noong Oktubre 19, 2026.

Salamat sa pagkakataong maibahagi ang aking mga pananaw sa mahahalagang prayoridad na ito ng komunidad. Pinahahalagahan ko ang ginagawa ng OCCA upang paglapitin ang mga tao, hikayatin ang pakikilahok sa mga usaping sibiko, at matiyak na mas maraming boses ang naririnig.

1. Pagsasama ng Iba't Ibang Kultura, Pakikilahok sa Ekonomiya at Pakiramdam ng Pagkakabilang

Naniniwala akong ang bawat tao, saanman nagmula, ay dapat magkaroon ng pagkakataong bumuo ng magandang buhay dito sa British Columbia. Walang lugar ang rasismo at diskriminasyon sa ating mga komunidad.

Dapat nating alisin ang mga hindi kinakailangang hadlang na pumipigil sa mga bagong dating na may kasanayan na makapag-ambag sa ekonomiya. Ibig sabihin nito ay mas mabilis na pagkilala sa mga kwalipikasyong nakuha sa ibang bansa, pagbawas sa mga hindi kailangang regulasyon para sa maliliit na negosyo, at paglikha ng mas maraming pagkakataon sa trabaho at pagnenegosyo.

Personal kong narinig ang mga hirap na dinaranas ng mga tao sa paggamit ng mga sistema ng serbisyo ng pamahalaan. Paghahanap man ng trabaho, pagkuha ng serbisyong pangkalusugan, o pagtatayo ng negosyo, dapat tumulong ang pamahalaan sa kanilang magtagumpay at hindi maging sagabal.

Mas matatag ang Kelowna dahil sa iba't ibang kultura, karanasan, at pananaw ng mga bumubuo sa ating komunidad. Patuloy kong susuportahan ang mga pagkakataong nagbubuklod sa mga tao at titiyaking lahat ay may patas na pagkakataong makilahok, mag-ambag, at makaramdam na sila ay kabilang dito.

2. Kabataan, Pamilya at Nakatatanda

Bilang ina ng apat na anak at dahil sa aking karanasan sa pagtataguyod ng kapakanan ng mga pamilya at nakatatanda, alam ko kung gaano kahirap kapag hindi makuha ang mahahalagang serbisyo sa oras na kailangan ang mga ito.

Ipinaglaban ko ang mga pasyenteng nahihirapang makakuha ng serbisyong pangkalusugan, mga nakatatandang humaharap sa hindi katanggap-tanggap na mga opsiyon sa pangmatagalang pangangalaga, at mga pamilyang nangangailangan ng tulong dahil sa mga kakulangan sa mga serbisyong sumusuporta.

Kailangan natin ng mas maraming doktor at mga manggagawang pangkalusugan sa unang linya, mas madaling maakses na pangangalaga sa bata, mas matibay na suporta sa mga batang may autism at iba pang kapansanan, at edukasyon at pagsasanay na maghahanda sa kabataan para sa mga trabahong may magandang suweldo.

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7
Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca
www.occabc.ca

Nakatuon din ako sa pagprotekta sa mga nakatatandang nabubuhay sa nakapirming kita, kabilang ang pagbawi sa mga pagbabago sa programa ng pagpapaliban ng buwis sa ari-arian na nagpapahirap sa kanilang manatili sa sarili nilang tahanan.

Dapat madaling maakses ang mga serbisyo at tumugon sa pangangailangan ng mga tao, kabilang ang pag-alis sa mga hadlang na may kaugnayan sa wika, pananalapi, at kultura.

Hindi dapat sa salita lamang ang malasakit. Dapat itong makita sa mga pasya natin at sa mga taong ating tinutulungan.

3. Pakikilahok sa mga Usaping Sibiko at Representasyon

Isa sa pinakamahalagang bahagi ng aking tungkulin sa pagkatawan sa Kelowna Centre ay ang pakikinig sa mga taong nakararamdam na hindi naririnig ang kanilang mga alalahanin.

Nagdaos ako ng mga pampublikong pulong, nakipagkita sa mga pamilya, manggagawang pangkalusugan, nakatatanda, at mga lokal na organisasyon, at direktang ipinarating sa pamahalaan ang kanilang mga alalahanin. Nagsimula ang ilan sa pinakamahahalagang adbokasiya ko nang may isang taong lumapit at nagbahagi ng kaniyang kuwento.

Naniniwala akong ang makabuluhang representasyon ay nangangahulugang madaling lapitan ang pamahalaan, patuloy na nakikinig kahit tapos na ang halalan, at tinitiyak na alam ng mga tao na mahalaga ang kanilang boses.

Kabilang dito ang malapit na pakikipagtulungan sa mga multikultural na organisasyon at mga samahan sa komunidad, pagsuporta sa madaling maakses na edukasyong sibiko sa maraming wika, at pagsasama ng kabataan at mga bagong dating sa mga talakayan sa komunidad.

Madalas na mga nonprofit ang unang nilalapitan ng mga taong nangangailangan ng tulong. Nararapat silang magkaroon ng tunay na pakikipagtulungan, mas kaunting gawaing administratibo, at mas tiyak na suporta.

Simple ang aking pangako: makinig, maging naroroon, at tiyaking walang maiiwan o malilimutan.

OCCA Communities Association (OCCA)

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7

Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca

www.occabc.ca

Saoirse MacKinnon

Partido: BC Green Party

Natanggap ang sagot matapos ang takdang oras na 12:00 ng tanghali noong Oktubre 19, 2026.

1. Pagsasama ng Iba't Ibang Kultura, Pakikilahok sa Ekonomiya at Pakiramdam ng Pagkakabilang

Ipagpapatuloy ko ang pagpapatupad ng Anti-Racism Action Plan at susuriin at babaguhin ito habang lumalabas ang mga resulta. Kinikilala ko ang mga pribilehiyong mayroon ako bilang isang puting tao; ngunit bilang isang transgender na babae, naranasan ko rin ang diskriminasyon at pagiging nasa laylayan. Walang puwang ang poot sa ating lalawigan, at hangad kong gawin itong mas magandang lugar na tirahan para sa ating lahat.

Susuportahan ko ang mga serbisyong tumutulong sa mga bagong dating na makibagay sa lipunan at isusulong ko ang reporma sa pagkilala sa mga kwalipikasyong nakuha sa ibang bansa sa antas ng lalawigan at pederal. Sa pagkilala sa mga kwalipikasyon ng mga bagong dating, magkakaroon sila ng mas magagandang oportunidad sa trabaho at madaragdagan ang mga propesyonal sa British Columbia.

2. Kabataan, Pamilya at Nakatatanda

Dapat dagdagan ang suporta sa kabataan, pamilya, at nakatatanda upang matiyak na ang bawat isa ay maaaring mamuhay nang makabuluhan sa lahat ng yugto ng buhay. Nahaharap ang mga tao sa ating komunidad sa iba't ibang kawalan ng kalamangan dahil sa wika, lahi, kulturang pinagmulan, at iba pa. Magsisikap akong gawing mas makatarungan ang lalawigan para sa lahat, na binibigyang-diin ang substantibong pagiging patas (equity), hindi lamang ang pormal na pagkakapantay-pantay (equality).

3. Pakikilahok sa mga Usaping Sibiko at Representasyon

Isa sa pangunahing tungkulin ng isang miyembro ng Lehislaturang Panlalawigan (MLA) ang makinig sa kanilang mga nasasakupan at kumatawan sa kanila nang maayos sa pamahalaang panlalawigan. Tila nakalimutan ito ng maraming MLA, ngunit kung mahalal ako, nangangako akong tutuparin ko ang tungkuling ito.

OCCA Communities Association (OCCA)

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7

Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca

www.occabc.ca

Loyal Wooldridge

Partido: BC New Democratic Party (BC NDP)

Natanggap ang sagot matapos ang takdang oras na 12:00 ng tanghali noong Oktubre 19, 2026.

1. Pagsasama ng Iba't Ibang Kultura, Pakikilahok sa Ekonomiya at Pakiramdam ng Pagkakabilang

Buong buhay akong nanirahan sa Okanagan bilang isang negosyante at lokal na lider. Pinatutunayan ng aking nagawa na ipinaglalaban ko ang pagkakaiba-iba dahil nagdudulot ito ng sama-samang kaunlaran. Upang labanan ang poot, sinusuportahan ko ang ganap na pagpapatupad ng mga batas ng British Columbia laban sa rasismo at ang pagpapalakas ng mga gawad para sa kaligtasan ng komunidad laban sa poot.

Sa larangan ng ekonomiya, inaalis natin ang mga hadlang sa pamamagitan ng International Credentials Recognition Act. Inaalis nito ang paulit-ulit at hindi kinakailangang mga kahilingan para sa "karanasan sa trabaho sa Canada" upang mas mabilis na makapagtrabaho sa pangangalagang pangkalusugan, inhinyeriya, at edukasyon ang mga propesyonal na nagsanay sa ibang bansa.

Sa Central Okanagan, patuloy akong nakikipag-ugnayan sa mga ahensiyang sumusuporta sa mga bagong residente upang palawakin ang mga programang nagpapabilis ng pagnenegosyo ng mga bagong dating, maglaan ng tulong sa maliliit na negosyo sa mga wikang naiintindihan nila, at magbigay ng nakatuong paggabay sa karera. Patuloy kong isinusulong na ang mga taong mula sa lahat ng kultura ay tanggapin, pahalagahan, at bigyan ng kakayahang umunlad sa ating lambak.

2. Kabataan, Pamilya at Nakatatanda

Naniniwala akong ang matatag na mga komunidad ay binubuo ng iba't ibang henerasyon. Para sa mga pamilyang parehong nagtatrabaho ang mga magulang, nagpapabuti sa kalidad ng buhay ang pagdaragdag ng mga puwesto sa pangangalaga sa bata at ang mga programa ng pagkain sa paaralan. May direkta ring pakinabang ang mga ito sa ekonomiya dahil nakapagtatrabaho ang parehong magulang.

Para sa kabataan, sinusuportahan ko ang patuloy na pagpopondo ng lalawigan sa mga lokal na sentrong gaya ng Foundry Kelowna na nagbibigay ng serbisyong pangkalusugang pangkaisipan nang walang paglalagay ng stigma, pangunahing pangangalagang pangkalusugan, at tulong sa mga suliranin sa adiksiyon ayon sa pangangailangan.

Para sa mga nakatatanda, pinalalawak natin ang suportang pangkalusugan sa bahay, pangangalagang nakabatay sa komunidad, at mga pampublikong pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga upang makatanda nang may dignidad ang ating mga mahal sa buhay malapit sa kanilang pamilya.

Sa aking malapit na pakikipagtulungan sa mga panrehiyong tagapagbigay ng serbisyong pabahay, alam kong mayroon pang mga sistemikong hadlang na kailangang alisin. Kabilang sa mga solusyon ang mga gabay sa serbisyong pangkalusugan na nagsasalita ng maraming wika, abot-kayang pampublikong transportasyon, at madaling maakses na mga programang panlibangan na nag-uugnay sa bawat henerasyon.

OCCA Communities Association (OCCA)
1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7
Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca
www.occabc.ca

3. Pakikilahok sa mga Usaping Sibiko at Representasyon

Ang mabisang demokrasya ay nangangailangan ng mga tagapagpasya na lumapit mismo sa mga miyembro ng komunidad. Walong taon ko na itong ginagawa sa lokal na pamamahala. Regular akong nakikipag-ugnayan sa kabataan, mga bagong dating, at mga multikultural na grupo.

Kailangan pang higit na aktibong mag-anyaya ng mga taong mula sa iba't ibang pinagmulan upang ang mga panlalawigang lupon, komisyon, at tagapayong katawan ay tunay na kumatawan sa pagkakaiba-iba ng ating populasyon. Ang aking paraan ay ang pagpapanatiling bukas ng aking tanggapan at pagtiyak na madaling maakses ang serbisyo para sa nasasakupan, kung saan aktibong pinakikinggan, iginagalang, at isinasama sa bawat desisyong pampatakaran sa lalawigan ang tinig ng mga komunidad na nakararanas ng diskriminasyong panlahi, mga imigrante, at kabataan.

OCCA Communities Association (OCCA)

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7

Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca

www.occabc.ca

Bill Desrosiers

Partido: OneBC

Walang natanggap na sagot mula sa kandidatong ito bago ang takdang oras ng paglalathala ng dokumento.

Miriam Rycroft

Partido: BC New Democratic Party (BC NDP)

Walang natanggap na sagot mula sa kandidatong ito bago ang takdang oras ng paglalathala ng dokumento.

OCCA Communities Association (OCCA)

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7

Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca

www.occabc.ca

Pavneet Singh

Partido: BC Conservative Party

Walang natanggap na sagot mula sa kandidatong ito bago ang takdang oras ng paglalathala ng dokumento.

Binny Boparai

Partido: BC New Democratic Party (BC NDP)

Walang natanggap na sagot mula sa kandidatong ito bago ang takdang oras ng paglalathala ng dokumento.

OCCA Communities Association (OCCA)

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7

Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca

www.occabc.ca

Alexandra Wright

Partido: OneBC

Walang natanggap na sagot mula sa kandidatong ito bago ang takdang oras ng paglalathala ng dokumento.

Macklin McCall

Partido: BC Conservative Party

Walang natanggap na sagot mula sa kandidatong ito bago ang takdang oras ng paglalathala ng dokumento.

OCCA Communities Association (OCCA)

1460 Inkar Road, Kelowna, BC, V1Y 8H7

Tel: 778-484-6222 email: info@occabc.ca

www.occabc.ca

George Morgan

Partido: BC New Democratic Party (BC NDP)

Walang natanggap na sagot mula sa kandidatong ito bago ang takdang oras ng paglalathala ng dokumento.

Adam Frank

Partido: BC Green Party

Walang natanggap na sagot mula sa kandidatong ito bago ang takdang oras ng paglalathala ng dokumento.